

# Babala sa Panganib ng Sunog




Karaniwan, mahigit sampung libong insidente ng sunog ang nangyayari sa Hong Kong taon-taon, na pumatay o puminsala ng higit sa 600 katao. Karamihan sa mga sunog ay sanhi ng kapabayaang kawalang-ingat. Halimbawa, ang bilang ng mga sunog sa burol ay tumataas ng 50% tuwing Sabado at Linggo at mga pampublikong holiday, dahil mas maraming tao ang bumibisita sa mga kanayunan at probinsya.

Ang mga pag-iingat sa sunog ay dapat gawin sa buong taon, ngunit ang panganib ng sunog ay partikular na mataas sa mga tuyong kondisyon ng taglagas at taglamig.

Sa ilalim ng impluwensya ng tuyong hanging kontinental na dala ng tag-ulan sa hilagang-silangan, ang antas ng halumigmig sa Hong Kong ay medyo mababa sa mga buwan ng taglagas at taglamig. Nagiging tuyo ang mga bagay sa loob at labas, na humahantong sa mas mataas na pagkakataon ng pagsiklab ng sunog. Ang sitwasyon ay pinalala kung mayroong mahabang panahon ng sikat ng araw. Sa ganitong mga kalagayan, ang apoy ay madaling magsimula at kumalat, na nagdudulot ng malawak na pinsala.

## Ipinapakita ng sumusunod na pigura ang mas mataas na bilang ng mga pagsiklab ng sunog sa mga buwan ng taglagas at taglamig kapag medyo mababa ang antas ng halumigmig sa Hong Kong




Napakahalaga para sa publiko na maging mas mapagbantay sa mga panahong ito ng mataas na panganib sa sunog. Dapat gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib ng pagliyab ng apoy na maaaring humantong sa kalunos-lunos na pagkawala ng mga buhay at magastos na pinsala sa mga ari-arian.

## Sistemang Babala sa Panganib ng Sunog

Layunin ng Sistemang Babala sa Panganib ng Sunog na alertuhan ang publiko sa mga kondisyon kung saan maaaring magsimula at madaling kumalat ang sunog. Ang posibilidad ng pagsiklab ng sunog kapag ang mga babala sa panganib ng sunog ay inilabas ay mas mataas kaysa sa karaniwan.

Mayroong dalawang antas ng babala: Dilaw at Pula. Ang Dilaw na Apoy ng Babala sa Panganib ay ibibigay kapag mataas ang panganib sa sunog; ang Pulang Apoy ng Babala sa Panganib ay ibibigay kapag ang panganib sa sunog ay sukdulan. Ang pagpapalabas ng mga babala ay batay sa: (a) kondisyon ng panahon na pumapabor sa paglitaw at pagkalat ng sunog, tulad ng mababang halumigmig at matinding bilis ng hangin; at (b) impormasyon tungkol sa pagkatuyo ng mga halaman na ibinibigay ng Kagawaran ng Agrikultura, Pangisdaan at Konserbasyon.

Kapag ang mga babala sa panganib ng sunog ay inilabas, ang mga mensahe ng babala ay ipinapalabas sa radyo, telebisyon at Internet upang paalalahanan ang publiko na magsagawa ng mga kinakailangang pag-iingat sa sunog. Ang mga icon ng babala na idinisenyo ng Obserbatoryo ay ipapakita sa screen ng TV.



Ang Kagawaran ng Agrikultura, Pangisdaan at Konserbasyon ay gagamit ng mga "fire-clock" na nakapaskel sa mga pangunahing bukana ng mga parke sa kanayunan upang ipakita ang mga babala sa mga bisita at mga hayker sa panahon tagsunog sa mga parke sa kanayunan.



Ipakita rin ng Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog ang mga babala sa mga paskilan ng mga babala sa harap ng mga istasyon ng bumbero upang alertuhan ang pangkalahatang publiko.

## Pag-iingat sa sunog

- Banayad na apoy lamang sa mga nakatalagang lugar ng ihawan o lugar ng kamping. Huwag kailanman iwanan ang apoy nang walang nakabantay; at patayin ang lahat ng apoy bago ka umalis.
- Huwag magsunog ng mga basura o damo kung may malakas na hangin.
- Maingat na hawakan at itapon ang mga sigarilyo at posporo.
- Magsunog lamang ng mga insensong patpat at peraperahang papel sa loob ng mga lagayan.
- Huwag i-overload ang daluyan ng kuryente sa pagsaksak ng napakaraming plug at mga appliances.
- Huwag iwanang nakabukas ang kalan nang walang nakabantay.
- Huwag harangan ang fire exit. Tiyaking palaging nakasarado ang fire door.
- Alamin ang ruta ng fire exit pati narin ang paggamit sa mga kagamitang pangontra sa sunog.
- Tawagan ang 999 upang iulat kaagad ang sunog.
- Kapag nakakita ng suog sa burol, manatiling kalmado. Tandaan ang direksyon kung saan kumakalat ang apoy, iwasang dumaan sa parehong direksyon tulad ng umiihip na hangin. Humanap ng lugar na may mas kaunting mga halaman at pumili ng landas na mas madaling makalabas. Mas madali at mabilis na lumabas sa mga kasalukuyang daanan.
- Kung nakaangat ang Dilaw o Pulang Babala ng Panganib sa Sunog, maging mas alerto, lalong mag-ingat, at gumawa ng dagdag na hakbang upang tiyaking nabibigyang pansin ang mga pag-iingat sa itaas.



# Fire Danger Warning




On average, over ten thousand fire incidents occur in Hong Kong every year, killing or injuring more than 600 people. Most of the fires are caused by carelessness or negligence. For example, the number of hill fires increases by 50% on weekends and public holidays, as more people visit the rural areas and the countryside.

Fire precautions should be taken all the year round, but the fire risk is particularly high in the dry conditions of autumn and winter.

Under the influence of dry continental air brought by the northeast monsoon, humidity level in Hong Kong is relatively low during the autumn and winter months. Things become dry both indoors and outdoors, leading to a higher chance of fire outbreaks. The situation is aggravated if there is a prolonged period of sunshine. Under such circumstances, fires can easily start and spread, causing extensive damage.

**The following figure shows the higher number of fire outbreaks during the autumn and winter months when the humidity level in Hong Kong is relatively low**



It is vitally important for the public to be extra vigilant during these periods of enhanced fire risks. Steps should be taken to minimize the risk of fire ignition that may lead to tragic losses of lives and costly damage to properties.

## Fire Danger Warning System

The Fire Danger Warning System aims at alerting the public to conditions in which fires may start and spread easily. The chance of fire outbreaks when fire danger warnings are issued is much higher than the average.

There are two levels of warning: Yellow and Red. The Yellow Fire Danger Warning will be issued when the fire risk is high; the Red Fire Danger Warning will be issued when the fire risk is extreme. The issuance of warnings is based on: (a) weather conditions favouring the occurrence and spread of fires, such as low humidity and high wind speed; and (b) information on the dryness of vegetation supplied by the Agriculture, Fisheries and Conservation Department.

When the fire danger warnings are issued, warning messages are broadcast on radio, television and Internet to remind the public to take necessary fire precautions.

Warning icons designed by the Observatory will be displayed on the TV screen.



The Agriculture, Fisheries and Conservation Department will use "fire-clocks" mounted at the main entrances to country parks to display the warnings to visitors and hikers during the period of the country parks fire season.



The Fire Services Department will also display the warnings on warning boards posted in front of fire stations to alert the general public.

## Fire precautions

- Light fires only in designated barbecue sites or camp sites. Never leave a fire unattended; and extinguish all fires before you leave.
- Never burn off rubbish or weeds when there is a strong wind.
- Handle and dispose of cigarettes and matches with care.
- Only burn joss sticks and "paper money" in containers.
- Do not overload the electricity circuit by using too many plugs and appliances.
- Do not leave the stove in use unattended.
- Do not block the fire exit. Ensure that the fire door is always kept closed.
- Familiarize yourselves with the route of the fire exit as well as the operation of fire fighting facilities.
- Dial 999 to report fires promptly.
- If you see a hill fire nearby, keep calm. Note the direction in which the fire spreads, avoid escaping in the same direction as the prevailing wind. Find a place with less vegetation and choose a path which is the easiest for escape. It is easier and quicker to escape through existing paths.
- If a Yellow or Red Fire Danger Warning is in force, be extra alert, take extra care, and make extra effort to ensure that the above precautions are taken due attention.

